

DEREK PRINCE
MINISTRIES INTERNATIONAL

Debosyonal

Ang Kamatayan ay Nagdudulot ng Buhay



Word from the Word
Ni Derek Prince

Ito si Derek Prince, na naghahatid sa iyo ng mensahe mula sa Salita ng Diyos.


> "Sumagot si Jesus, 'Katotohanang sinasabi Ko sa inyo, malibang mahulog sa lupa ang isang butil ng trigo at mamatay, mananatili itong nag-iisang butil. Ngunit kung ito'y mamatay, mamumunga ito ng maraming butil. Ang umiibig sa kanyang buhay ay mawawalan nito, ngunit ang napopoot sa kanyang buhay sa sanlibutang ito ay mag-iingat nito para sa buhay na walang hanggan.'" (Juan 12:24–25 NIV)

Napakalinaw ng larawang inilalarawan ni Jesus. Nakikita mo ba? Hawak mo sa iyong kamay ang isang butil ng trigo. May matigas itong balat at nag-iisa lamang ito sa iyong palad. Iyo ito. Buhay mo ito. Ikaw ang may kontrol dito at ikaw ang nagpapasya. Maaari mong piliin kung ano ang gagawin mo rito. Maaari mo itong panghawakan at itago. Ngunit sinabi ni Jesus na kung itatago mo ito, mananatili itong nag-iisa. Wala nang anumang tutubo mula rito.

Napakaraming taong namumuhay nang nag-iisa sa mundo ngayon. Ganoon ang kanilang kalagayan dahil sa mismong kadahilanang ito: mahigpit nilang pinanghahawakan ang butil na iyon. Ayaw nila itong bitawan. Nasa kanila nga ito at kanila lamang, ngunit napakalungkot naman ng kanilang kalagayan.Ano ang dapat gawin? Bitawan ito. Ihulog ito at ipagkatiwala sa Diyos. Hayaan Siyang maghari at mangasiwa sa buhay mo. Maging handang mahulog sa lupa ang butil, mawala sa paningin at mailibing sa dilim. Maaaring tapakan pa ito ng mga tao, ngunit ipinangako ng Diyos na may bagong buhay na sisibol mula rito: isang buhay na tunay na makabuluhan, hindi lamang para sa kasalukuyang panahon kundi maging sa kawalang-hanggan.

© 1970 - Derek Prince Ministries, International, Inc.

Debosyonal ★
Transcript: WD-WFTW-001-TGL
Huling Na-update: 05 Nov 2026
Website: Derekprince.com/tl/resources



© 1970 - Derek Prince Ministries, International, Inc.